

Ano ang VineGo?

Ang VineGo ay tumatakbo alinsunod sa mga alituntunin na nakasaad sa Americans with Disabilities Act of 1990 (ADA). Isinasaad ng ADA na ang mga tao na hindi kayang gumamit ng regular na bus ay dapat nakakagalaw gamit ang pampublikong transit sa mga parehas na araw, oras, at lugar na dinaraan ng regular na bus (nakatakdang ruta). Ang ganitong serbisyo ay tinatawag na complementary ADA paratransit service. Ang VineGo ay tumatakbo bilang isang serbisyo na kabahaging sasakyan at naghahatid-sundo sa mga nakatalagang lugar. Itinatakda ng ADA na hindi dapat kukulangin sa tatlong kapat ng isang milya ang lugar ng pagseserbisyo ng complementary ADA paratransit mula sa anumang regular na nakatakdang ruta ng mga bus. Kailangang maging kuwalipikado sa VineGo upang magamit ang mga serbisyo nito.

Paano mag-aplay sa VineGo?

Magagawa ang pag-aaplay sa pamamagitan ng pagpasa ng sariling aplikasyon. Ang mga aplikasyon ay makikita sa website ng Vine o maaari ring tumawag sa telepono at humiling para dito at maipadadala sa inyo sa koreo o e-mail. Hinihikayat namin kayo na basahin ng mabuti ang aplikasyon, at sa abot ng inyong makakaya sagutan ng maayos. Upang masiyasat ng mabuti ang aplikasyon, hinihimok ng mga tauhan ng NVTA ang mga aplikante na magbahagi hangga't maaari ng impormasyon para makagawa ng pinakatumpak na deskripsyon ukol sa kawalang kakayahan sa paggamit ang tradisyonal, nakatakdang ruta na transit. Kapag nasulatan at natapos na ang aplikasyon, dapat ito ipadala sa 625 Burnell St. Napa, CA 94559 ATTN: VineGo.

Naipadala ko na ang aking aplikasyon. Ano na ang susunod na mangyayari?

Kapag natanggap na ng NVTA ang aplikasyon, ito ay magpapasiya sa loob ng dalawawpu't isang (21) araw kung kwalipikado ito o hindi. Maaring i-kontak ng mga tauhan ng NVTA ang aplikante sa panahong ito kung kailangan nito ng karagdagang impormasyon para makapagdesisyon ng maayos. Kung walang nailabas na desisyon ang tauhan ng NVTA sa loob nitong dalawawpu't isang (21) araw, ang aplikante ay mabibigyan ng pansamantalang karapatan hangga't magkaroon ng pangwakas na pasiya. Isang liham ang ipadadala sa indibidwal na magpapa-alam kung na-aprubahan o hindi natanggap ang kanilang aplikasyon. Kung na-aprubahan, ang liham ay magsasaad ng paraan ng pagpapareserba ng

sasakyan, gaano katagal magagamit ang mga serbisyo, at iba pang mga patakaran para sa mga gumagamit ng VineGo. Kung hindi natanggap, ang liham ay magsasaad ng proseso kung paano umapela kung gugustuhin ito ng indibidwal, at mga impormasyon tungkol sa mga iba pang opsiyon ng pagbiyahe na mas babagay sa kanilang mga pangangailangan.

Ano pa ang mga iba pang opsiyon upang madagdagan ang aking kakayahang makagalaw?

Hinahangad ng NVTA na maging batid ang mga indibidwal sa lahat ng opsiyon ng transportasyon na magagamit bago mag-aplay sa VineGo sa kadahilanang maaaring mas bagay ito sa kanilang mga pangangailangan. Ang regular na bus ay nagbibigay ng pinaka mabilis na byahe sa paligid at sa labas ng lalawigan ng Napa. Hinihikayat ng NVTA na subukan ang bus bago ang iba pang mga opsiyon. Naiintindihan rin ng NVTA na nakakatakot at nakakalito minsan ang paggamit ng bus sa mga taong hindi pa nakararanas sumakay dito. Dahil dito, maaring maglaan ang NVTA ng Transit Ambassador na tutulong sa pag-navigate dito hanggang sa maging komportable ang indibidwal ng mag-isa. Maaring tumawag sa 707-259-86 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.

Inihahandog rin ng NVTA ang Mileage Reimbursement Program. Ang Mileage Reimbursement Program ay ginawa upang hikayatin ang paggamit ng volunteer based na transportasyon para sa mga nakatatandang adulto at sa mga taong mayroong kapansanan na hindi kayang magmaneho at gumamit ng pampublikong transit. Ang indibidwal ay dapat naninirahan sa lalawigan ng Napa, hindi kayang magmaneho, nakatira sa labas ng lugar ng serbisyo o nagbibiyaha para sa isang medikal na tipanan o namimili na hindi abot ng mga iba pang pampublikong transportasyon.

Ang Taxi Scrip ay isa pang opsiyon ng pagbibiyaha na naghihintulot na makasakay ng taxi saan man sa lungsod ng Napa ang mga residente ng Napa na 65 pataas, at babayaran ng NVTA ang hanggang kalahati ng gastos sa taxi. Ang katamtamang gastusin ng mga pasahero ay \$4 sa bawat sakay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pinagbabawal o kung paano mag-aplay, tumawag lamang sa 707-259-8631 o tignan ang aming website sa ridethevine.com.

PERSONAL NA IMPORMASYON

Pangalan:

Apelyido:

Kasarian:

Kaarawan:

Pangunahing Wika:

Numero ng Telepono:

Numero ng Mobile Phone:

Email Address:

Pangunahing Emergency Contact Name:

Numero ng Telepono: Sa Bahay Mobile

Email Address:

Relasyon:

Ikalawang Emergency Contact Name:

Numero ng Telepono: Sa Bahay Mobile

Email Address:

Relasyon:

Address ng Bahay/Serbisyo

Pangalan ng Tirahan (kung angkop):

Kalye:

Lungsod:

Zip Code:

Address ng Pagpapadalhan (kung iba sa nakasulat sa itaas)

Pangalan ng Tirahan (kung angkop):

Kalye:

Lungsod:

Zip Code:

Ito ba ay recertification o isa kang bagong aplikante? Recertification Bago

PERSONAL NA IMPORMASYON (cont.)

Mas maigi ba sa iyo ang mga sumusunod na format?

Large Print Braille Audio format

Paano ka nagbibiyahe sa kasalukuyan? Lagyan ng check ang LAHAT ng ginagamit na uri ng pagbibiyahe.

Naglalakad Taxi Paratransit

Nagmamaneho Vine Transit Iba pa: _____

Mayroong ibang nagmamaneho

Bisikleta

Saang lugar at sa anong dahilan ka palaging nagbibiyahe? E.g. Medical - Kaiser sa Napa

Destinasyon ng Biyahe: _____

Destinasyon ng Biyahe: _____

Destinasyon ng Biyahe: _____

KAKAYAHANG MAGBIYAHE

1. Gaano mo kayang maglakad?

Hindi hihigit ng 1 block 1 block 2 block 3 at pataas

2. Kung gagamit ka ng mobility aid gaano mo kayang maglakad?

Hindi hihigit ng 1 block 1 block 2 block 3 at pataas

3. Kaya mo bang panatilihin ang iyong balance habang nakaupo sa isang gumagalaw na sasakyan?

Oo Hindi

4. Kaya mo bang humawak sa mga hawakan sa pagsakay sa bus?

Oo Hindi

5. Kaya mo bang sumakay kung mayroong rampa o makinang pantaas para sa pagsakay at pagbaba sa bus?

Oo Hindi

6. Naiintindihan o naaalala mo ba ang direksyon ng maayos upang makumpleto ang isang biyahe sa bus? Oo Hindi

7. Alam mo ba ang tamang hintuan ng bus at ang tamang bus para sa iyong biyahe? Oo Hindi

8. Alam mo ba ang paraan ng pagbayad ng pamasaha sa bus?

Oo Hindi

Deskripsiyon ng Kapansanan

Sa lahat ng nakasulat sa ibaba, alin ang pinakamainam na naglalarawan sa iyong (mga) kapansanan na humahadlang sa pagsakay mo sa regular na transit? Markahan ang lahat ng angkop.

Pisikal na

Kapansanan

Sakit sa Isip

Problema sa

Paningin

Kamakailan na Medical Procedure

Problema sa Paglaki Iba pa: _____

Pakisulat ang tiyak na pangalan (kung angkop) ng iyong (mga) kapansanan at maigsing deskripsiyon kung bakit sa tingin mo ito ay humahadlang sa iyong paggamit ng nakatakhang ruta na transit.

Ang iyong kapansanan ay hindi nagbabago?

Oo

Hindi

Ang iyong kapansanan ay lumalala?

Oo

Hindi

Ang iyong kapansanan ay pansamantala lamang?

Oo, inaasahan kong aabot ito hanggang _____ buwan

Ito ay

permanent
e

Hindi
sigurado

PAKI LAGYAN NG CHECK ANG LAHAT NG ANGKOP:

Ang aking kapansanan o medikal na kondisyon ay humahadlang sa pagsakay ko ng bus tuwing mainit ang araw.

Ang aking kapansanan o medikal na kondisyon ay humahadlang sa pagsakay ko ng bus tuwing malamig ang araw.

Ang aking kapansanan o medikal na kondisyon ay humahadlang sa pagsakay ko ng bus tuwing mayroong hangin at ulan.

- Nagbabago kung gaano kalala ang aking kapansanan sa araw-araw. Nakakayanan kong sumakay sa regular na transit kapag maganda ang aking kondisyon.
- Ang aking kapansanan o medikal na kondisyon ay humahadlang sa pagsakay ko ng bus tuwing madilim.
- Ang aking kapansanan o medikal na kondisyon ay humahadlang sa pagsakay ko ng bus.

Mobility Aides at Assistance

Kung gumagamit ka ng power wheelchair, o scooter, kinakailangang tiyakin ng NVRTA ang iyong bigat kasama ang iyong mobility device. Marami sa mga power wheelchairs at scooters ay mabibigat. Ang mga sasakyan ng VineGo ay kayang magsakay ng may bigat na 600 to 800 pounds, depende sa sasakyan.

Alin dito sa mga mobility aids ang kasalukuyan mong ginagamit sa pagbibiyahe? Paki lagyan ng check ang lahat ng angkop.

- | | | |
|--|--|--|
| <input type="checkbox"/> Puting Tungkod | <input type="checkbox"/> Powered Wheelchair | <input type="checkbox"/> Walker |
| <input type="checkbox"/> Panguporta na Tungkod | <input type="checkbox"/> Powered Scooter | <input type="checkbox"/> Walker na may kasamang Upan |
| <input type="checkbox"/> Mga Panaklay | <input type="checkbox"/> Wheelchair na Manual | <input type="checkbox"/> Portable Oxygen |
| <input type="checkbox"/> Suporta sa Binti | <input type="checkbox"/> Power Assist Wheelchair | <input type="checkbox"/> Prosthesis |
| <input type="checkbox"/> Service Animal | <input type="checkbox"/> Communication Board | <u>Iba pa:</u> |

Kung mayroong check ang chair na manual, power wheelchair, or powered scooter pakisagutan ang mga tanong sa ibaba:

Malaki ba ang iyong mobility device? Oo Hindi

Tumitimbang ka ba kasama ang iyong mobility device ng higit sa 600 pounds?

Oo Hindi

Nasagutan mo ba ang lahat ng katanungan at nagbigay ka ba ng mga eksplanasyon? Maaring mapatagal ang pag-apruba kung mayroong kulang na sagot.

Ang Iyong Sinumpaang Pahayag

Naiintindihan ko na ang lahat ng mga ibinahagi kong impormasyon ay totoo at tama sa aking pagkakaalam. Ang aking hangarin sa aplikasyong ito ay upang malaman kung ako ay karapat-dapat na gumamit ng ADA paratransit service, o minsan gumamit ng mga Vine fixed-route na bus. Naiintindihan ko na ang anumang kasinungalingan ay maaaring magresulta sa hindi pagtanggap ng aking aplikasyon at pati na rin kaparusahan base sa batas.

Ako ay sumasangayon na magbigay alam sa Napa Valley Transportation Authority kung may pagbabago sa aking kondisyon, kung napalitan ang aking mobility device, o kung mayroon akong bagong mobility device, o hindi ko na kailangang gumamit ng ADA paratransit service.

Petsa _____

(Lagda ng Aplikante o Tagapag-Alaga kung Angkop)

Taong Sumasagot sa Aplikasyon na Hindi ang Aplikante:

Printed na Pangalan:

Relasyon sa Aplikante:

Pangunahing Numero ng Telepono:

Email (kung ninanais na dito konatakin):

Petsa: _____

Lagda

Pagpapahintulot sa Paglabas ng Medikal na Impormasyon*

Ako ay nagpapahintulot sa mga sumusunod na propesyonal (doktor, terapist, social worker, atbp.) na kayang patunayan ang aking kapansanan o medikal na kondisyon, na ilabas ang ganitong impormasyon sa aking lokal at pampublikong transit agency. Ang impormasyong ito ay gagamitin lamang para mapatunayan ang aking karapatan sa paggamit ng mga serbisyo ng paratransit. Naiintindihan ko na mayroong akong karapatan na makatanggap ng kopya nitong pagpapahintulot, at maaari kong iurong kahit ano mang oras.

Pangalan ng Propesyonal na Naglalabas ng Impormasyon: _____

Impormasyon kung paano makokontak: _____

Petsa: _____

Lagda ng Aplikante

*Ang mga tauhan ng NVTA ay magtatanong lamang tungkol sa kapansanan at medikal na kondisyon na nakasulat sa aplikasyon.